



Sohibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

WAG MONG IPAGTANGGOL ANG IYONG NAFS

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Anzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwalin wal Akbirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Shaykh Abdullah Daghestani, Shaykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sohba, wal khayru fil jamiyya.*

Katulad ng iyong pagnais sa mabuti at sa kabutihan na sinasabi sayo ng mga tao, di ka dapat masaktan pag pinasalitaan ka ng masama. Tanggapin mo ito bilang isang payo sa sarili mo. Sabihin mo “Ang aking nafs ay mas masama dito, ang sinasabi ng taong to ay kulang pa.” Wag mong ipagtanggol ang sarili mo. Dapat laging nasa sakit ang iyong nafs, ang sakit ang makakapagpabago ng masama mong katangian. Dahil kapag hindi mo yan gagawin at laging susundin ang nafs mo, di ka magiging tunay na lalaki!

Katulad ng pagnais ng isang sanggol sa paglaro ng kanyang daliri at paglagay sa bibig, ganun din ang nafs. Pag di sila dadaan sa pag-iyak, di sila matututo at patuloy gagawin ang ganung bagay. Kapag sila’y iiwan mo paglalaruan na naman nila ang kanilang daliri at ilalagay sa bibig.

Kahit na di pa maging mabuti ng ganoon kabilis, may oras ang lahat. May nakataklang oras. Ganun ang tao. Nagagalit ang tao pag may sinasabi sa kanila. Sila’y tatayo at mananakit kapag nasaktan ang kanilang nafs. Ganito ang nafs, May mga shaykh at nagpapanggap na awliya na ganyan, ang sarili nila lamang ang nakikita nilang tama.

Ang ating Tariqa ay para sa pagsanay sa nafs. Mula sa pinakamaliit na bagay. Kahit di man sambitin ng bibig, di tatanggapin ng puso nila na gawin ang mga masamang bagay. Wag mong sundin o pansinin ang Nafs. Tanggapin mo ang payo na ito. Katulad ng sinabi natin, kapag may isang taong nagsalita ng isang bagay ito’y tatanggapin natin bilang tama at sasabihin natin na mas masama ang nafs natin. Ayusin natin ang nafs natin. Ang relihiyon ay Nasiha o pagpayo. Ang ayaw ng Nafs ay payo. Pakinggan mo ito. Nawa’y protektahan tayo ng Allah sa nafs natin at gawin tayo mula sa mga silang tanggap ang katotohanan Inshallah.

1. Wali

Wa Minallah at-Tawfeeq.

Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil

23 May 2016/16 Shaban 1437

Sabah Namaz, Akhbar, Dargah

www.hakkani.org / www.hakkaniyoutube.com